REBOLUSYONARYONG PAHAYAGAN NG MINDORO

**TOMO XII - ISYU 1** **ENERO - ABRIL 2023**

**EDITORYAL**

# Determinadong makibaka upang panagutin ang imperyalismong US at mga naghaharing-uri sa kanilang pandarambong sa yaman at pagwasak sa kalikasan sa Mindoro!




**Nagbunsod ng pinsala sa buhay at kabuhayan ng mamamayang Mindoreño ang paulit-ulit na sakuna. Dagdag pang pahirap at panganib ang pagratsada ng kontra-mamamayan at mapangwasak na mga proyektong "maka-kalikasan" ng imperyalismong US, ilehitimong rehimeng Marcos, at mga kasapakat nitong malaking burgesya kumprador (MBK) at panginoong maylupa (PML).**

Lalong tinutulak ang mamamayang Mindoreño na tanganan ang pambansa-demokratikong rebolusyon upang wakasan ang lantarang pagsira at pandarambong ng mga ganid na naghaharing-uri.

Nalalagay sa malaking bulnerabilidad ang isla ng Mindoro sa patuloy na pagsahol ng kalagayan ng kalikasan. Ayon sa datos, kabilang ang Oriental Mindoro sa 17 probinsya sa buong bansa na nasa tala ng 100 lugar sa mundo na bulnerable sa sakunang pang-kalikasan.

Iniinda ng magsasakang Mindoreño ang hindi pangkaraniwang init sa panahon ng tag-araw na nagdadala ng pagkatuyo ng mga pananim at ang walang patid na pag-ulan na nakakasira sa mga halamanan at palayan sa panahon ng tag-ulan.

Patunay lamang dito ang P230 bilyong pinsala sa agrikultura at imprastruktura na naranasan ng mga bayan sa Oriental Mindoro dahil sa pag-ulan pa lang na dala ng hanging amihan. Nagdulot ito ng pagragasa ng banlik o putik na nanalanta sa mga tubigan at kabahayan ng mamamayan.

Hindi pa man lubusang nakakabangon mula sa pinsala ng pag-ulan, ibayo pang pinahirapan ang mamamayang Mindoreño sa paglubog ng MT Princess Empress noong Pebrero 28. Lulan ang 800,000 litrong industrial fuel oil, grabeng pinsala ang hatid ng paglubog ng nasabing barko sa kinabukasan ng mamamayang Mindoreño at kahit ng mga karatig nitong isla.

May higit 24,000 mangingisdang Mindoreño ang nawalan ng kabuhayan dahil sa pagtagas ng langis sa dagat. Bukod pa, may matagalang pinsala ang oil spill sa marine biodiversity sa mga apektadong lalawigan, lalo na sa Verde Island Passage (VIP) na sentro ng marine biodiversity sa

buong mundo. Tiyak na pipinsalain nito ang mga bahura na tirahan ng mga isda at iba pang lamang-dagat at bakawan na dagdag pananggalang ng kalikasan sa panahon ng kalamidad tulad ng matinding pag-ulan at bagyo.

Pinalala rin ang kahirapang dinaranas ng mamamayan bunga ng inutil na pagtugon ng gubyerno sa tuwing may lumilitaw na krisis dulot ng sakuna. Mamamayan ang bumabalikat ng pinakamasamang epekto ng kalamidad dahil sa kawalan ng epektibong programa ng gubyerno para ihanda ang bansa lalo na sa pagharap sa mga sakunang paparating. Napakainutil ng gubyerno para palabasing pangkaraniwan na lang ang natural na kalamidad at mamamayan ang dapat umangkop sa mga pinsala.

Ang nararanasang krisis sa klima ng mamamayan ay produkto ng matagal na pandarambong ng tatlong salot sa likas na yaman at lakas paggawa na pangunahing kinakatawan ng kinasusuklamang ilehitimong rehimeng US-Marcos II.

Ang kutsabahan na ito ang nagluwal ng pagpapasok ng reaksyunaryong gubyerno sa mga dayuhan at malalaking kumpanya ng mina, pagtotroso at paglikha ng mga batas na sumusuhay sa interes ng naghaharing-uri.

Nakinabang dito ng husto ang mga MBK, PML at ahente nilang burukrata kapitalista sa kanilang kawalang kahihiyang pagkuha ng naglalakihang kontrata para kopohin ang kikbak mula sa mga pondo.

Sa tabing ng "pagpapaunlad sa ekonomya ng bansa", walang pakundangang ipinapataw ng mga ganid na naghaharing-uri sa naghihirap na mamamayan ang mga mapangwasak na proyektong mina, operasyong quarry, dam, ekoturismo, at renewable energy.

Upang tiyakin ang madulas na pagdambong sa likas yaman, ginagamit ng reaksyunaryong gubyerno ang utak-pulburang AFP-PNP-MIMAROPA para supilin ang pagtutol ng mamamayang Mindoreño sa mga proyektong ito.

Patunay dito ang mga operasyong militar na nilunsad ng pasistang 203rd Brigade-PNP-MIMAROPA sa mga bayan ng Rizal, Sablayan, at Calintaan, Occidental Mindoro noong panahong nagkukumahog ang mga magsasaka na habulin ang anihan bago ang pananalanta ng Bagyong Paeng. Napinsala na nga ang mga tanim at kaingin nang pumasok na ang panahon ng bagyo, lalo pang pinalala ang kalagayan ng magsasaka ng mga operasyong militar,

Bukod sa pagsandig sa pasismo, lumilikha rin ang mga naghaharing-uri ng ibang pamamaraan upang maisakatuparan ang kanilang pandarambong. Sinagpang ng inutil na gubyerno ang krisis sa kuryente ng isla upang buksan ang usapin kaugnay sa pagmimina ng karbon bilang alternatibong mapagkukunan ng kuryente.

Ginamit din nila ang reaksyunaryong batas at mga huwad na programa na sumusuporta sa madulas na pagpasok ng mina tulad na lang ng mapagkunwaring proyektong ekoturismong Tamaraw Reservation and Expansion (TREP) at Oriental Mindoro Provincial Ordinance 145-2022 na nagpapahintulot sa operasyong quarry ng armour rocks sa buong lalawigan.

Taliwas sa ipinapanukala ng lokal na yunit ng gubyerno na magdadala ang mga ito ng oportunidad at trabaho sa mamamayang Mindoreño, lalo lamang itinutulak ng TREP at Ordinance 145-2022 ang malawakang pagpapalayas sa mga mamamayan at pangangamkam sa lupang ninuno ng mga katutubong Mangyan.

Inaagaw sa kamay ng mga Mindoreño ang naglalawakang kagubatan at kabundukan sa isla para ihain sa mga kapitalista at dayuhan. Nakaamba na ang panimulang paghahanda at eksplorasyon para sa pagbubukas ng minahan sa ilang bayan sa Oriental at Occidental Mindoro. Kabilang na rito ang eksplorasyon para sa mina ng brightstone sa bayan ng Mansalay at Roxas na nagsisilbing tirahan ng mga Mangyan-Hanunuo.

Nakaumang na rin ang mina ng natural gas sa mga kabundukang saklaw ng Rizal at San Jose, Occidental Mindoro na pipinsala sa mga Mangyan-Buhid.

Dapat ding paghandaan ang muling panunumbalik ng operasyon ng Intex Mining Corporation na sasaklaw sa 11, 315 ektaryang lupang saklaw ng Sablayan, Occidental Mindoro at Victoria, Oriental Mindoro para sa Mindoro Nickel Project.

Sakaling matuloy, nakaambang maapektuhan ang 12 pamayanan ng Mangyan-Alangan na nakatira sa eryang miminahin.

Labis na sisirain ng mga proyektong ito ang kapaligiran at kabuhayan ng isla ng Mindoro.

## NILALAMAN


Editoryal: Determinadong makibaka upang panagutin ang imperyalismong US at mga naghaharing-uri sa kanilang pandarambong sa yaman at pagwasak sa kalikasan sa Mindoro! 1
Ambus sa isang tim ng 4th IBPA, matagumpay na inilunsad ng LDGC! 3
7 kaswalti ng SAB-PNP sa matagumpay na aktibong depensa ng LDGC, ipinagbunyi ng mamamayang Mindoreño 4
RCEP at programa sa agrikultura ng ilehitimong rehimeng US-Marcos II, dagdag kalbaryo ng magsasakang Mindoreño 4
Hamon ng Partido sa ika-54 anibersaryo ng Bagong Hukbong Bayan: Tanganan ang mga gintong aral sa armadong pakikibaka ng mga Mindoreño! 6
Apat na bayan sa Oriental Mindoro, sinalanta ng baha dulot ng walang patid na pag-ulan 7
Pagmimina at Dam, mga tagapagdala ng sakuna sa Mindoro 8
Masisiglang mga kampanya sa paglulunsad ng BKP at IKP, matagumpay na inilunsad ng rebolusyonaryong kilusan sa isla! 10
Panghahalughog at pandurukot, panibagong krimen ng berdugong 203rd Brigade-PNP-MIMAROPA sa mamamayang Mindoreño 12
Pandarahas ng SAB-PNP sa mamamayan ng Bansud at Bongabong, Oriental Mindoro, matapang na nilalabanan ng mamamayan! 13
Ginintuang anibersaryo ng NDFP, sinalubong ng mga selebrasyon sa buong isla ng Mindoro 13
NDFP Corner: Kailangan ang nagkakaisang aksyon ng mga Mindoreño sa Oil Spill 14
Protestang Bayan, tugon ng mamamayang Mindoreño sa tumitinding krisis sa kuryente sa Occidental Mindoro 16
Pula ang lupa ng Mindoro 18

Sa kawalang pakialam ng reaksyunaryong gubyerno na tugunan ang pangangailangan ng mamamayang Mindoreño, lalo lamang nitong binibigyang katwiran ang pagsiklab ng mapanlabang diwa ng mamamayan.

Dapat na muling alalahanin ng mamamayang Mindoreño ang kanilang rebolusyonaryong kasaysayan ng paglaban para protektahan ang isla ng Mindoro mula sa kamay ng mga mandarambong.

Dapat hugutan ng inspirasyon ng mamamayang Mindoreño ang pagsibol ng militanteng pakikibaka ng mga mamamayan sa karatig probinsya, tulad ng pagbarikada ng mga mamamayan ng Sibuyan, Romblon at Brookes Point, Palawan na kumokontra sa pagpasok ng mga mina sa kanilang bayan.

Tungkulin ng mga Mindoreño na protektahan ang isla mula sa pandarambong ng tatlong salot at pagpepreserba ng yaman nito para sa kapakinabangan ng susunod na salinlahi. Tangan ang linya ng pambansa-demokratikong rebolusyon, dapat na isulong ang mga kampanya para protektahan ang kalikasan at naunang tagumpay ng mamamayang Mindoreño, tulad na lang ng 25 taong moratorium sa mina na pinundar ng pawis at dugo ng mga Mindoreño.

Dapat puspusang organisahin ang mga mamamayan. Palawakin ang alyansa ng lahat ng mamamayang mapagmahal sa kalikasan at kontra sa mina at iba pang mapangwasak na proyekto.

Sama-samang kumilos upang panagutin ang mga ganid na korporasyon.

Palayasin ang mga dayuhang laway na laway na angkinin ang mga kayamanang mineral at yamang likas sa isla.

Ang lahat ng pagsusumikap ng mamamayang Mindoreño upang protektahan ang kinabukasan at kalikasan ay makakamit sa paglakas ng armadong pakikibakang inilulunsad ng Bagong Hukbong Bayan.

Sa pamamagitan ng masiglang paglaban ng rebolusyonaryong mamamayan sa isla maigagawad ang rebolusyonaryong hustisya sa mga ganid na makailang ulit nang nagnanakaw sa kinabukasan ng mamamayan.

Dapat gamitin ang lahat ng porma at anyo ng paglaban: ligal, iligal, lihim, armado, at di armado upang malagot ang tanikala ng pang-aapi at pananamantala ng imperyalismo, pyudalismo, at burukrata-kapitalismo.

Ito lamang ang maghahawan ng landas para maitayo ang Demokratikong Gubyernong Bayan, isang estadong makatarungan, masagana, sustenable at tunay na tumutugon sa pangangailangan ng mamamayan.

**BALITANG TO**

# Ambus sa isang tim ng 4th IBPA, matagumpay na inilunsad ng LDGC!

Matagumpay na inambus ng isang yunit ng Lucio De Guzman Command - NPA - Mindoro (LDGC) ang tatlo-kataong tim ng 4th IBPA sa Lipitan, Brgy. Monteclaro, San Jose, Occidental Mindoro sa ganap na ika 6:00 ng hapon ng Abril 25. Napatay si Pvt. Mayu-ay Onaw habang nakatakas ang dalawa niyang kasamahan.

Nasamsam ang service firearm nitong 45 kalibreng pistola na may dalawang magasin at celfon.

Tiniyak ng BHB na hindi madamay ang 4 pang sibilyan na naroon sa lugar ng ambus. Samantala, ligtas namang nakaatras ang mga Pulang mandirigma.

Ayon kay Ka Madaay Gasic, tagapagsalita ng LDGC, nagsisilbing paggawad ng rebolusyonaryong hustisya ang taktikal na opensibang ito sa tim ng 4th IBPA na walang tigil na naghahasik ng teror sa timog ng Mindoro, lalo na sa hanay ng mga katutubong Buhid.

"Bukod sa paggiya at pagsama sa mga operasyong search and destroy, ginagamit din si Pvt. Onaw sa paniktik, sapilitang nagpapasuko at tortyur sa mga kapwa niya katutubo.


Isa din siyang masugid na galamay sa pagrerekrut ng CAFGU sa hanay ng mga Hanunuo at Buhid sa mga bayan ng Rizal at San Jose, Occidental Mindoro," ani Ka Madaay.

Nanindigan naman ang LDGC na patuloy itong magpupunyagi na tupdin ang tungkulin nitong ipagtanggol ang mamamayang Mindoreño.

"Nakatudla ang mga sandata ng bawat Pulang mandirigma ng LDGC sa paglaban sa mga pulis at militar.

Patuloy na maglulunsad ng taktikal na opensiba ang LDGC, mula sa maliliit na patama sa maraming bahagi ng katawan at pana-panahong bigwas sa ulo ng halimaw na AFP-PNP hanggang tuluyan itong maibagsak.

Buong giting nitong susuungin ang panganib alang-alang sa pagtatanggol sa pambansa at demokratikong kapakanan at interes ng mamamayang Mindoreño at sambayanang Pilipino upang pandayin ang tunay na lipunang malaya, makatarungan, at masagana," pagwawakas ng tagapagsalita.



**BALITANG TO**

# 7 kaswalti ng SAB-PNP sa matagumpay na aktibong depensa ng LDGC, ipinagbunyi ng mamamayang Mindoreño

Ipinagbunyi ng mamamayang Mindoreño ang matagumpay na aktibong depensang inilunsad ng isang yunit ng Lucio De Guzman Command - NPA - Mindoro (LDGC) laban sa umaatakeng tropa ng 10th Special Action Battalion (SAB) ng berdugong PNP-MIMAROPA sa Sitio Naksib, Brgy. Sta. Cruz, Bongabong, Oriental Mindoro noong Marso 15, 2023 sa ganap na 02:30 ng hapon.

Apat (4) ang kumpirmadong patay samantalang tatlo (3) ang sugatan mula sa limang minutong pakikipagpalitan ng putok sa sumalakay na yunit ng PNP. Samantala, walang kaswalti at ligtas na nakaatras ang mga Pulang mandirigma.

“Isa itong matagumpay na kontra-atake sa gitna ng mas masinsin at mabangis na atake ng FMO at RCSPO ng berdugong AFP-PNP-MIMAROPA,” pahayag ni Ka Madaay Gasic, tagapagsalita ng LDGC.

Ayon sa ulat ng yunit ng LDGC, bago pa man nangyari ang labanan, kabi-kabilaan na ang teror na inihahasik ng pinagsanib na pwersa ng 10th SAB ng PNP-MIMAROPA at ng berdugong 203rd Brigade sa mga mamamayan ng Bongabong at Bansud. Kabilang dito ang walang pakundangang pagkampo ng utak-pulburang tropa ng SAB sa apat na paaralan sa nasabing mga bayan.

Ani Ka Madaay, “Kinampuhan ng mga pasista ang Mindoro State University (MINSU) at tatlo pang eskuwelahan sa Bongabong, dagdag pa ang mga pamayanan at barangay hall sa Bansud at Bongabong ay ginagawang kampo-militar ng mga pulis at sundalo.

Malinaw na nilalabag nila ang International Humanitarian Law at inilalagay ang mamamayang Mindoreño sa panganib dahil sa kanilang paglabag na ito.

Dagdag ng tagapagsalita, ang aktibong depensa ng LDGC ay patunay lamang ng mataas na determinasyon ng mga Pulang mandirigma na biguin ang hibang na pangarap ng ilehitimong rehimeng US-Marcos II na wakasan ang rebolusyonaryong paglaban ng mamamayan sa isla.

“Sa pagtindi ng krisis ng malakolonyal at malapyudal na lipunan, ubos-kayang bibiguin ng Pulang hukbo ng LDGC ang imbing pakana ng reaksyunaryong estado na durugin ang rebolusyonaryong kilusan sa isla. Tangan ang di magagaping diwa, nakahanda ang mga Pulang mandirigma ng LDGC na isulong ang mas masinsin at malaganap na pakikidigmang gerilya upang ipagtanggol at ipaglaban ang interes ng mga Mindoreño. Magsisilbing ambag natin ito sa paglakas ng rebolusyonaryong paglaban ng sambayanan at iabante sa mas mataas na antas ang digmang bayan hanggang sa makamit ang tagumpay,” pagtatapos ni Ka Madaay.

**LATHALAIN**

# RCEP at programa sa agrikultura ng ilehitimong rehimeng US-Marcos II, dagdag kalbaryo ng magsasakang Mindoreño

Nanindigan ang Pambansang Katipunan ng mga Magbubukid - Occidental Mindoro (PKM-OccMin) na ibayong krisis sa mga magsasaka sa isla ang ibubunsod ng pagpapaloob ng ilehitimong rehimeng US-Marcos II sa Regional Comprehensive Economic Partnership (RCEP).

Matatandaang nitong buwan ng Pebrero ay ipinagmayabang ng reaksyunaryong rehimen ang pagpapaloob sa nasabing kasunduan para sa “malayang kalakalan” sa pagitan ng mga bansa sa Asia-Pacific na kinabibilangan ng Australia, Brunei, Cambodia, China, Indonesia, Japan, South Korea, Laos, Malaysia, Myanmar, New Zealand, Pilipinas at Singapore. Tampok dito ang pagtanggal ng mga restriksyon sa kalakalan— na hangad ay tanggalin ang 93% sa mga restriksyon tulad ng taripa para sa todo largang importasyon.

“Tiyak na ang makikinabang lang ay ang mauunlad na bansa at isasadlak sa pagkaalipin ang maliliit na bansa tulad ng Pilipinas,” pahayag ng grupo.

Dagdag ng PKM-OccMin, plano rin ng ilehitimong rehimen na ipatupad ang Rice Comprehensive Enhancement Fund (RCEF), isang programang nilikha sa ilalim ng RA No. 11203 o ng Rice Tariffication Law (RTL). Layunin nito diumano ay mapabuti ang kita at mapahusay ang kakayahan ng mga magsasakang makipagkumpetensiya sa ibang bansa sa produksyon ng palay at bigas habang pinahihintulutan ang malayang importasyon ng nasabing produkto sa ilalim ng patakarang liberalisasyon sa kalakalan. Tumataginting na 10 bilyong piso



ang inilalaan na pondo para sa RCEF. Bukod sa RCEF, iniraratsada rin ang palisiyang public-private partnership (PPP) sa pagpapaunlad ng mga imprastruktura sa agrikultura gaya ng irigasyon, climate-proof, flood control management, at malawakang reporestasyon ng NIA-supervised watershed areas.

Sa pamamagitan nito, mas pinapadulas ni Marcos Jr. ang pagpasok ng mga pribado at dayuhang pamumuhunan sa agrikultura imbis na pamahalaan ito ng kanyang gobyerno bilang pangunahing haligi ng ekonomya ng bansa.

"Malinaw sa mga hakbangin ng ilehitimong rehimen at pangkatin nito ang pagpapailalim ng Pilipinas sa RCEP, ang programang RCEF at ang PPPs sa pagpapaunlad ng imprastrukturang agrikultural na mahigpit na itinatali ang bansa sa neoliberalismo na napatunayan nang palpak at mapaminsala sa ekonomya ng mga bansang atrasado at mahina tulad ng Pilipinas," ayon sa PKM-OccMin.

Ang neoliberalismo o bagong liberalismo sa ekonomya ay nagtataguyod diumano ng "malayang pamilihan" at "malayang kalakalan" kahit na sa totoo ay hindi na ito umiiral dahil sa pag-iral ng mga monopolyo at oligarikya sa pinansya sa panahon ng imperyalismo.

Ginagamit lamang itong panabing upang ibayo pang pagsamantalahan ang mga sambayanan sa mga bansang atrasado, kolonya at malakolonya sa pamamagitan ng pagtatambak ng mga sobrang produkto't puhunan mula sa imperyalistang bansa at pandarambong sa hilaw na materyales at yamang mineral ng mahihirap na bansa.

Sa neoliberalismo, mas tinitiyak ng estado ang mga patakaran sa agrikultura ang pagpapanatili ng pyudal na paghahari ng mga panginoong maylupa sa kanayunan.

Mas pinatitibay ang huwad na reporma sa lupa at iba pang dati nang batas sa lupa na nagpasahol sa pyudal at malapyudal na pagsasamantala.

## Neoliberalismo: pamatay-dagok sa magsasakang Mindoreño

Sa ilalim ng neoliberal na mga patakaran, mabibigyang laya ang malawakang pangangamkam ng lupang ninuno dulot ng mga tagibang na batas sa resettlement, kalikasan, at iba pang proyekto ng reaksyunaryong gubyerno gaya ng dam, mina, enerhiya, ekoturismo at iba pang katulad.


Tiyak na wawasakin nito ang mayamang baseng agrikultural ng Mindoro at ang buhay ng mamamayan. Dumadagdag ang mga problemang ito sa krisis na nararanasan ng mga magsasaka dahil sa kontra-magsasakang programa ng rehimeng Marcos II mula nang hawakan nito ang pagiging Kalihim ng Departamento sa Agrikultura (DA).

Ayon sa PKM-OccMin, pasisidhiin ng neoliberal na programa sa agrikultura ng ilehitimong rehimeng Marcos II ang sadlak na kalagayan ng magsasakang Mindoreño, na siyang bumubuo sa 90% populasyon ng mamamayan sa isla.

"Di pa nga kami nakakabawi mula sa pagbagsak ng palay dahil sa RTL. Tatlong taon na ang nakalipas, hindi na bumalik sa dati ang kita namin sa tuwing anihan. Sadsad ang presyo ng palay sa farmgate, pero mahal ang bigas sa palengke. Ngayon naman nasa 21 piso kada kilo ang presyo ng palay sa farmgate. Problema lang, wala namang makapagbenta ngayon," ani Tatay Reggie, isang magsasaka mula sa isang bayan sa kapatagan ng Occidental Mindoro.

Isa si Tatay Reggie sa libu-libong magsasakang Mindoreño na nalugmok dahil sa pagbaha ng imported na produktong agrikultural sa pamilihan dulot ng labis na importasyon.

Ganito rin ang sentimyento ni Nanay Maling, isang magsasaka ng sibuyas sa isang bayan sa Oriental Mindoro.



"Bagsak talaga ang kuha sa sibuyas, umabot pa nga ng P8 kada kilo mula sa dating P15. Malala noong Enero. Mababa ang kuha ng sibuyas sa magsasaka, pero ang sibuyas sa palengke, nasa P700/kilo ang presyo! Iba-iba naman na yung presyuhan ng sibuyas ngayon, nasa P40 na kada kilo ang farmgate, pero sa laki ng gastos, parang wala ring matitira sa puhunan," ani Nanay Maling.

Dagdag pa niya, hindi sapat ang kikitain mula sa mababababang kuha ng sibuyas sa farmgate lalo na at patuloy na sumisirit pataas ang presyo ng mga farm-input, serbisyo at mga pang-araw-araw na pangangailangan.

"Iyong pamangkin ko nga, gumastos na ng P26,000 sa kanyang kalahating ektaryang lupa. Di pa siya makapagsabog ng binhi. Di pa kasi kasama doon ang pang-abono at gastos sa hand tractor. Ang abono pa naman ngayon nasa P3,000 na ang pinakamura," saad ng magsasaka.

Ayon kay Ramon Silverio, tagapangulo ng Provincial Cooperative Development Council ng Occidental Mindoro, aabot na sa P300,000 ang karaniwang gastos sa produksyon ng mga magsasaka ng sibuyas sa isang ektarya pa lang.

Giit ng mga magsasaka, malaki ang maiaambag ng mga lokal na magsisibuyas para maresolba ang krisis sa sibuyas sa pamilihan kung lalaanan sila ng suporta ng gubyerno, tulad ng pagtatayo ng cold-storage at post-harvest facilities para mapahaba ang buhay ng mga inaning sibuyas, ayuda para sa mga magsasaka, at ikung itataas ang presyo ng sibuyas sa farmgate mula sa dati nitong presyong P15 tungong P100 kada kilo.

Ngunit, imbis na salubungin ang mga magsasaka sa kanilang kahilingan, inaprubahan pa ng DA ang pag-import ng 21,060 metriko toneladang sibuyas noong Pebrero.

"Hihilahin pababa ng pagdagsa ng imported na sibuyas ang presyo ng sibuyas sa farmgate. Tiyak ang pagkalugi ng mga magsasaka na mag-aani na ng sibuyas simula ngayong Pebrero," ayon kay Ka Ma. Patricia Andal, tagapagsalita ng NDFP-Mindoro.

Dagdag ng tagapagsalita, ang neoliberal na hakbangin ng rehimen ay delubyong nagwawasak sa agrikultura at kabuhayan. Ibayong kagutuman, kahirapan, kawalang hanap-buhay at pambubusabos ang idinudulot nito sa mga magsasaka, manggagawa at mga mamamayan.

### Agraryong rebolusyon ang solusyon

Naninindigan ang PKM-OccMin na walang makabuluhang pagbabagong mararanasan ang mga magsasaka sa ilalim ng ilehitimong rehimeng US-Marcos II.

"Walang-wala na sa bokabularyo ng ilehitimong rehimen ang programa para sa tunay na reporma sa lupa. Tunay na bulok at baluktot ang mga prayoridad ng reaksyunaryong gubyerno.

Walang tunay na malasakit sa kapakanan ng mamamayan, manang-mana si Marcos Jr sa kanyang amang diktador Marcos Sr—pareho silang tuta, pasista, korap at pahirap sa masa," pahayag ng grupo.

Nanawagan ang rebolusyonaryong organisasyon na pinakamabuti pa ring hakbangin ang buklurin ang pinakamalapad na nagkakaisang lakas ng uring magsasaka kasama ang buong mamamayan upang maitransporma itong materyal na pwersa para sa pagbabalikwas laban sa mapang-aping sistemang malakolonyal at malapyudal.

"Minsan pa'y kailangang iguhit ng mamamayang Mindoreño ang makasaysayang pagsusulong ng agraryong rebolusyon sa isla. Kailangang patuloy nilang ipaglaban ang karapatan nila sa lupa at lahat ng bunga ng kanilang pinagpapaguran. Dapat na matuldukan ang mga panggagantso sa kanila ng mga ganid na panginoong maylupa at masibang usurero. Agraryong rebolusyon ang pinakabuod ng pambansa demokratikong rebolusyon na prinsipal na anyo ay ang armadong pakikibaka. Sa pamamagitan lamang nito papawiin ang pyudal na paghahari ng salot na panginoong maylupa. Sa ganito lamang magagapi ang kapangyarihan ng malalaking burgesya komprador at amo nitong imperyalismong US,"ani PKM-OccMin.

**BALITA**

# Hamon ng Partido sa ika-54 anibersaryo ng Bagong Hukbong Bayan: Tanganan ang mga gintong aral sa armadong pakikibaka ng mga Mindoreño!

Sa pagdiriwang ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) ng ika-54 anibersaryo nito, nagpahayag ng mensahe ng pagbati at pakikiisa ang Partido Komunista ng Pilipinas - Mindoro (PKP-Mindoro) sa mga Pulang mandirigma at kumander ng BHB.

Ipinagdiwang sa buong isla ang anibersaryo ng BHB sa pamamagitan ng mga pulong pag-aaral at simpleng mga kapehan kasama ang Pulang hukbo at mga masa sa mga sona at larangang gerilya.

"Tumatambad sa atin ang mga kondisyon na nagpapatunay na higit na kailangan ng bansa ang NPA dahil ginagampanan nito ang natatanging papel na pangunahan ang armadong paglaban na naghahawan ng daan upang makapangibabaw ang kapangyarihan ng masa ng sambayanan.

Nakahapag sa atin ang pangangailangang lumaban saan mang dako, anuman ang ating katayuan, anuman ang ating limitasyon at anuman ang ating kakayahan," ayon sa PKP-Mindoro.

Sa pahayag nito, binaybay ng Partido sa isla ang mga krisis na pinagdadaanan ng mamamayang Mindoreño sa ilalim ng tumitinding atake at kampanyang panunupil ng ilehitimong rehimeng US-Marcos II.

Hinamon ng Partido ang Pulang hukbo at ang buong rebolusyonaryong kilusan sa isla na ubos-kayang labanan ang kaaway sa lahat ng porma: armado, ligal, malaligal at iligal, hayag at lihim, sa antas pambansa at lokal at sa lahat ng pagkakataon.

Dagdag ng Partido, "Ang tanging paraan upang makapangibabaw sa opensiba ng kaaway ay ang lumaban.

Ang masinsin na kampanyang panunupil at paglipol ng reaksyunaryong estado ay lalong nagtutulak sa rebolusyonaryong pwersa na kasama ng masa, harapin at biguin ang imbing pakana ng kaaway sa pamamagitan ng matalino, matama, at pursigidong paglaban.



Hamon sa Pulang hukbo na magsilbing bag-as ng paglaban ng mamamayang Mindoreño mula sa bundok at bukid, tungong poblacion, kabayanan, at kahit tabing-aplaya."

Magiting namang tumugon ang Lucio De Guzman Command (LDGC), ang yunit ng BHB sa isla, sa panawagan ng Partidong tupdin ang dakilang misyon na wasakin ang armadong galamay ng reaksyunaryong rehimen upang agawin ang kapangyarihang pampulitika.

"Pursigido at matatag na tumutugon ang Pulang hukbo ng LDGC sa hamon ng panahong isikad ang makauring rebolusyon," ani Ka Madaay Gasic, tagapagsalita ng LDGC.

Pahayag ng Pulang kumander, nakahanda ang mga kumander at mandirigma sa ilalim ng mga yunit ng LDGC na sagpangin ang walang kaparis na oportunidad para magkamit ng tagumpay lalo na sa sumisidhing krisis pang-ekonomya at panlipunan na kinahaharap ng mamamayang Mindoreño.

"Mataba ang lupa at maganda ang senyales ng panahon para sa mga rebolusyonaryo. Dapat lang na dalhin ang rebolusyon sa higit na pagsulong, mapagpasyang igpawan ang kahinaan at limitasyon, at idirehe ang digma hanggang sa tagumpay. Ang lahat ng pagsusumikap natin ay aambag sa pangkabuuang pagpapanday ng mamamayan tungo sa isang tunay na maaliwalas, makatarungan, malaya, at masaganang lipunan," pagtatapos ng tagapagsalita.

**BALITA**

# Apat na bayan sa Oriental Mindoro, sinalanta ng baha dulot ng walang patid na pag-ulan

Sinalubong ang mamamayang Mindoreño ng ibayong paglala ng kahirapan dulot ng magkakumbinang krisis sa ekonomya't sakuna ng matinding pagbaha.

Sa pagsapit ng 2023, Enero pa lamang ay kinaharap na ng naghihirap na mamamayan ang pinsalang dala ng walang patid na pag-ulang dulot ng shear line at hanging Amihan.

Ang shear line ay isang penomenon sa panahon na nagdadala ng mas malakas at tuloy-tuloy na pag-ulan dulot ng pagsasanib ng mainit at malamig na hangin. Apat na bayan sa Oriental Mindoro ang matinding tinamaan ng pagbaha dahil dito, kabilang na ang Naujan, Baco, Victoria, at syudad ng Calapan.

Pumalo sa higit P90 milyong piso ang nawalang kita sa industriya ng agrikultura at P140 milyong piso sa imprastraktura at makinarya sa lalawigan ng Oriental Mindoro dulot ng matinding pagbaha, ayon sa ulat ng Provincial Disaster Risk Reduction Management Office. Pinakamalala ang naganap sa Naujan kaya naobligang ideklara ng lokal na gubyerno ang "state of calamity" kung saan umabot na sa P77 milyong piso ang pinsala ng pagbaha. Bukod dito, naitala ang pinsalang P9.8 milyong piso sa Baco, at P2.7 milyong piso sa Calapan. Aabot na sa 15,289 pamilya o katumbas ng 50,821 indibidwal ang sinalanta ng pagbaha sa bayan ng Baco, Naujan, Victoria, at Calapan.



*Lumubog sa baha ang mayor na kalsada ng syudad ng Calapan dulot ng walang patid na pag-ulan na dala ng Amihan at shear line. (Larawan mula sa Calapan Public Information Office Facebook Page)*

Daan-daang pamilya ang inilikas dahil sa pagkasira ng mga bahay, sakahan, at mga mayor na kalsada.

Samantala, isang batang lalaki ang namatay sa pagkalunod dulot ng matinding pagbaha sa Baco.

Ayon kay Kasamang MPA, "Ang pagkasira ng kalikasan at ang dulot nitong sakuna ay dapat panagutan ng imperyalismong US at malalaking burgesya komprador, panginoong maylupa at mga ahente nilang burukrata kapitalista na nagpahintulot sa mga mapanirang kumpanya na mag-opereyt sa Mindoro.

Sukdulan ang pagkaganid ng mga ito ng walang pagsasaalang-alang sa buhay at kabuhayan ng mamamayan sa isla para lamang makakopo ng yaman at tubo.

Ang penomenon ng malalang pagbaha ay sakunang dulot ng deka-dekada ng pangwawasak sa kalikasan ng imperyalismong US at ng mga kasabwat nitong lokal na mga naghaharing uri. Ang ipinataw na kolonyal na paghahari ng US sa bansa ang unang kumalbo ng mga kagubatan ng Mindoro. Kasunod nito ang mga logging concessions sa ilalim ng papet na mga rehimen,"

Dagdag ni MPA, ibayong pinalala ng reaksyunaryong gubyerno ang estado ng kalikasan sa isla ng ipinatupad ang mga proyektong nakasisira sa kabuhayan at kalikasan tulad ng dayuhang operasyong mina, quarry, mega dam, at iba pang katulad na proyekto sa isla.

Bukod sa pangangamkam sa lupaing ninuno ng mga katutubong Mangyan, sinira ng mga proyektong ito ang kagubatan sa matataas na bahagi ng isla kaya't di mapigilan ang agos ng tubig pababa. Ginawa nitong bulnerable ang mga mabababang lugar lalo ang mga kapatagan sa pagbaha.

"Ang reaksyunaryong gubyerno ang dapat managot sa krisis na nararanasan ng mamamayang Mindoreño.

Mas sinisira pa ng mga isinusulong na proyektong ekoturismo at dayuhang operasyong

mina at dam ang kalikasan ng isla, taliwas sa ipinaparatang ng gubyerno na ang pag-uuling at pagkakaingin ng mga katutubong Mangyan at magsasakang settler ang dahilan ng pagkakalbo ng kagubatan," ani MPA.

Isa sa mapaminsalang proyekto ang dambuhalang hydropower dam ng Sta. Clara Power Corporation (SCPC) sa Brgy. Malvar, Naujan.

Mula nang maitayo noong 2014, wala na itong idinulot kundi matinding pagbaha na iniinda ng mga mamamayan sa Naujan at mga karatig na bayan.

Hindi malilimutan ng mga Mindoreño ang kalunus-lunos nilang sinapit sa kasagsagan ng Bagyong Nona noong 2015, kung saan labing-isang (11) barangay sa Naujan at malaking bahagi ng Calapan ang apektado sa pagbaha at pagbanlik.

Nasira nito ang daang ektaryang palayan, prutasan, at niyugan, bilyong pisong halaga ng mga imprastruktura at agrikultura, ilan ang namatay at libu-libong residente ang nadisloka.

Nanawagan ang tagapagsalita sa mamamayang Mindoreño na ipagtanggol ang kalikasan ng isla laban sa mga mapaminsalang proyekto ng dayuhan, malalaking burgesya komprador-panginong maylupa at reaksyunaryong gubyerno.

"Tungkulin ng mga Mindoreño na protektahan ang isla mula sa pandarambong ng mga dayuhan at lokal na mga naghaharing uri upang mapangalagaan ang yaman nito para sa kapakinabangan ng susunod na henerasyon.

Dapat militanteng isulong ang kampanya para protektahan ang kalikasan at panghawakan ang tagumpay sa mahabang kasaysayan ng pakikibaka para dito, tulad ng 25 taong moratorium sa mina na nagsilbing sandata ng mamamayan upang tutulan ang panunumbalik ng mapanalasang dayuhang mina sa isla.

Kasabay ng paglaban ng mamamayan, dapat ding masigasig na isulong ng rebolusyonaryong kilusan sa isla ang armadong pakikibaka hanggang maipagtagumpay ang demokratikong rebolusyong bayan na may sosyalistang perspektiba.

Ito lamang ang tutugon sa pangangailangan at interes ng aping uri at maglilikha ng isang makatarungan at masaganang lipunan para sa lahat," pagtatapos ng tagapagsalita.

**LATHALAIN**

# Pagmimina at Dam, mga tagapagdala ng sakuna sa Mindoro

Gimbal ang buong mundo nang tumama ang 7.8 magnitude na lindol sa bawnderi ng bansang Turkey at Syria noong Pebrero 6, 2023.

Mahigit 41,000 katao ang nasawi, marami ang hindi pa nakikita nang matabunan ng mga gumuhong gusali at kalupaan, libu-libo ang sugatan at nasirang mga imprastruktura, ari-arian at iba pang pasilidad lalo na sa Turkey na siyang epicenter ng lindol.

Labis na mapaminsala ang lindol at isa itong natural na kalamidad na hindi pa kayang tukuyin ng siyensya kung kailan sasapit at gaano ito kalakas hanggat hindi pa aktwal na nagaganap.

Ang kakayahan pa lamang ng Phivolcs sa ngayon ay magbigay abiso oras na nagsimula na itong ma-detect sa ilalim ng lupa.

Bago pa ito maganap, ang kaya lamang gawin ay isalarawan sa pamamagitan ng aplikasyon sa computer na tinatawag na Rapid Earthquake Damage Assessment System (REDAS) ang bawat antas ng lakas upang magsilbing babala sa lahat.

Sa Mindoro, sunud-sunod ang paglindol sa parehong buwan nang naganap sa Turkey bagamat hindi kasing lakas kaya lumampas nang walang gasinong pumansin.

Noong Pebrero 15, may apat na beses na paglindol na may lakas na 1-2 magnitude. Noong Pebrero 17, lumindol nang may 2.8 magnitude at Pebrero 20 ay magnitude 1.7 naman.

Noong Marso 2022, naitala ang 4.2 magnitude ng lindol sa Ocidental Mindoro.

Buwan ng Hulyo sa parehong taon tumama naman ang magnitude 3.4. Hindi ba dapat na para mabahala ang mga Mindoreño sa penomenon na ito?

Maalaala na naganap ang pinakamalakas na




*Larawan ng mga fault line sa Mindoro. 2014.*

lindol sa Mindoro noong Nobyembre 15, 1994 na umabot ng 7.1 magnitude, hindi malayo sa 7.8 sa Turkey.

Umabot ang pagyanig hanggang bahagi ng Luzon. Nagdala ito ng tsunami at landslides o pagguho ng lupa sa Verde Island Passage (na naghihiwalay sa Luzon at Mindoro). May 78 katao ang nasawi at 7,566 bahay ang nasira. Umabot ng 53,342 pamilya ang apektado.

Ang tsunami ay lumikha ng 28 na talampakang pagtaas ng tubig. Lumikha rin ang lindol ng 35 kilometro na biglang pagkawasak (rupture) sa Aglubang River Fault.

Ang fault ay linya ng malalim na siwang o lamat sa lupa na nasa pagitan ng tectonic plates o malalaking tipak ng kalupaan.

Sa lupang nasa ilalim ng karagatan, tinatawag na trench ang lamat na ito. Maaaring may haba

itong ilang metro hanggang libu-libong kilometro alinman sa direksyong patayo (o bertikal) o pahiga (horizontal) sa ilalim ng lupa. Maaari din itong aktibo o hindi sa loob ng mahabang panahon.

Ang paggalaw ng mga bato at lupa sa mga lamat na ito ang isa sa dahilan ng paglindol na tinatawag na tectonic ang katangian.

Binabagtas ang isla ng Mindoro ng mga Fault at trenches na sanhi ng lindol at lahat ito ay aktibo.

Nariyan ang Lubang Fault, Aglubang River Fault, Central Mindoro Fault, Southern Mindoro Fault, Mamburao Fault at ang Manila Trench.

Binabagtas ng huli (Manila Trench) ang West Philippine Sea, dumadaan sa Mindoro Strait sa tapat ng Sablayan at Calintaan, tumatagos sa kalupaan ng Rizal, San Jose at Magsaysay ng Occidental Mindoro patungong Kabisayaan.

Binabagtas naman ng Central Mindoro Fault ang 100 kilometro mula Puerto Galera, dadaaan sa saklaw ng Mamburao patungong timog hanggang Mansalay.

Ang Aglubang River Fault na sumasanga mula sa Central Mindoro Fault sa bahaging Brgy Alcate, Victoria pa-hilaga ng isla ay umaabot hanggang sa syudad ng Calapan.

Samantala, sumasanga ang Southern Mindoro Fault sa Central Mindoro Fault sa tapat ng bayan ng Roxas at babagtas tungong San Jose.

Ang Northwest (Mamburao) Fault ay bumabagtas mula Mamburao pa-timog sa kalupaan ng Occidental Mindoro at dudulo sa bahaging Mansalay at Bulalacao ng Oriental Mindoro.

Apektado rin ang Mindoro ng mga fault system sa karatig nitong lugar tulad ng Batangas Bay Fault System, North Verde Fault System, at Central Verde Fault System. Nalilikha ang padron na tinatawag na conjugate fault systems - ang pagsasalubong o pagdudugtong ng mga faults na mayroong iba't ibang haba at lapad at may iba't ibang tindi ng pagputok sa panahon na tumama ang lindol sa isang karatig na fault .

Sa tala ng Philippine Institute of Seismology and Volcanology (PHIVOLCS) ang naganap na lindol





*Mas malapit ang fault sa istruktura ng mina, dam o gusali, mas malaki ang panganib na malilikha ang pagguho sa mismong lugar at sa karatig nito.*

noong 1994 na sinundan ng isa pang malakas na lindol noong 2017 ay nakakonsentra sa Aglubang River Fault at sa Batangas Bay Fault system.

Nagdulot ang mga lindol na ito ng pagkawasak sa mga fault na siyang nagiging sanhi ng sumunod pang mga paglindol na naganap at maaari pang maganap ngayon at sa susunod na panahon sa Mindoro.

Nakitang may malaking pagtaas ng presyur o tensyon sa Batangas Bay Fault System, North Verde Fault System at Central Mindoro Fault System na ayon pa sa PHIVOLCS ay nagpapataas ng probabilidad ng paglindol.

Ang magkadikit na Aglubang River Fault System at Batangas Bay Fault System ay may malaking ambag sa naganap na lindol noong 1994 at 2017. Kaya hindi mapasusubalian na ang isla ng Mindoro ay lagay na lagay sa mga paglindol. Hindi lamang panganib ng lindol ang hatid ng faults.

Ang fault ay may epekto sa mga aktibidad ng pagmimina, dam o reservoir, o anumang anyo ng paghuhukay ng kalupaan. Mas malapit ang fault sa istruktura ng mina, dam o gusali, mas malaki ang panganib na malilikha ang pagguho sa mismong lugar at sa karatig nito.

Ito ang sinasabi sa artikulo ni Zhigiang Zhong na pinamagatang "Influence of Fault in the Surrounding Rock Stability or Mining Tunnels: Distance and Tectonic Stress" na inilathala noong Hulyo 18, 2019. Ayon pa sa artikulo, sa isang kalagayang geolohikal, ang distansya ng fault ay may epekto mula sa isang sentimetro hanggang libu-libong kilometro sa ilalim ng iba't ibang kondisyon.

Dahil ang buong kalupaan ng Mindoro ay binabagtas at nagsasalubungan pa mandin na mga fault systems, sadyang hindi angkop ang pagmimina at malalaking dam sa isla at nararapat ang mahigpit na pagtutol dito.

Ikonsidera ang panganib ng paglindol anumang oras sa ating pang-araw-araw na buhay.

Kailangang buuin ang pinakamalapad na alyansa ng mamamayang Mindoreño at buong lakas na tutulan at ipaglaban ang pagpapatigil ng lahat ng klase ng aktibidad ng pagmimina sa isla.

Ni isang pulgada ay hindi dapat hayaang tumapak sa isla ang mga mandarambong at imperyalistang kumpanya ng mina at iba pang mapangwasak na proyekto.

LATHALAIN

# Masisiglang mga kampanya sa paglulunsad ng BKP at IKP, matagumpay na inilunsad ng rebolusyonaryong kilusan sa isla!

Tangan ang determinasyon na ibayong konsolidahin ang hanay ng rebolusyonaryong kilusan sa isla, matagumpay na inilunsad ng mga larangang gerilya sa Mindoro ang mga bugso ng Batayang Kurso ng Partido (BKP) at Intermedyang Kurso ng Partido (IKP) sa hanay ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) at mga kasapi ng Sangay ng Partido sa Lokalidad (SPL) sa kabila ng walang puknat na operasyong militar ng berdugong AFP-PNP-MIMAROPA.

Lahat ng yunit sa mga larangang gerilya ay nagbahagi ng kanilang mas maunlad na karanasan sa paglulunsad at pagpapatapos ng mga estudyante sa BKP at IKP.

## BKP sa gitna ng operasyong militar

Ang BKP ang unang kurso sa tatlong antas ng Kursong Pampartido. Layunin nitong ituro sa mga mag-aaral ang batayang kaalaman hinggil sa teorya ng Marxismo-Leninismo-Maoismo. Nahahati ang BKP sa tatlong libro na may siyam na paksa. Kadalasang itinuturo ang buong BKP sa loob ng 28-30 oras o katumbas ng 4-5 araw na may nakalaang 8 oras sa isang maghapong sesyon.

"Staggered ang nakita naming pinaka-epektibong paraan para mailunsad ang BKP dahil na rin sa kalagayan ng erya namin ngayon," paglalahad ni Ka Seri, isa sa mga instruktor na nagturo sa isang bats ng BKP sa isang sonang gerilya sa isla.

Pagbabahagi niya, napagtagumpayan nilang ilunsad ang pag-aaral sa kalagitnaan ng walang pugwang na panghahalihaw at panggagalugad ng pasistang AFP-PNP-MIMAROPA.

Mula sa dating ideyal na buong maghapon ang inilalaan para sa buong pag-aaral, kalahating araw na lamang ang sesyon ng Pulang paaralan para angkupan ang mga kinakailangang gawain.

"Kalahating araw lang ang sesyon sa maghapon. Mula 01:00pm hanggang 05:00pm ang oras ng pag-aaral ng mga estudyante para sa isang paksa ng BKP. Bago ang pag-aaral, gagampan muna ang mga estudyante ng gawaing teknikal at panseguridad. Pinakamahalaga rito ang pagtitiyak na magawa muna ang long recon. Matapos ang isang paksa sa maghapon, ang mga estudyante rin ang mayor na gumagampan sa gawaing masa sa aming mga kalapit na baryo." ani Ka Seri.

Ibinahagi naman ni Ka Roman, isang instruktor ng BKP, ang kahalagahan na matiyak ang paglulunsad ng BKP sa kanilang yunit sa kabila ng matinding operasyong militar.

"Bagaman nasa kalagitnaan ng atrasan o lakbay ang manera ng yunit ay binigyan talaga namin ng halaga ang pagpapataas ng kamalayang pampulitika ng mga Hukbo. Ang pagpapatatag ng kanilang makauri at ideolohiyang kamulatan ay susi para patatagin ang kanilang di magagaping diwa, lalo na sa pagharap sa kaaway," saad ni Ka Roman. Bukod sa mga bagong pasampa sa BHB, umupo rin ang ibang mga opisyal at mandirigma sa pag-aaral upang magrebyu sa mga partikular na paksa.


"Yung ibang mga paksa, halimbawa yung Saligang Proletaryong Paninindigan at Pananaw sa Rebolusyon (SPPPR), umupo rin sa pag-aaral ang mga kagawad ng Hukbong Bayan, hindi lang ang mga pangunahing estudyante. Napapanahon talaga ang pag-aaral ng BKP dahil napagtitibay nito ang ating paninindigan lalo na at nagsusumikap ang kaaway na durugin ang ating kilusan," pagbabahagi ni Ka Mayang, isa sa mga nagbalik-aral ng BKP sa bats.

Samantala, isang maningning na tagumpay naman ang pagpapatapos ng isang yunit ng Partido sa isang bats ng BKP na may 24 mag-aaral sa isang larangang gerilya sa isla. Kalakhan sa mga estudyante ng yunit na ito ay mga kasapi mula sa SPL.

"Tagumpay natin ang BKP na ito! Pinatunayan lang nito na sa kabila ng kampanyang panunupil sa ating hanay, binigo natin ang hibang na pangarap ng ilehitimong rehimeng US-Marcos II na durugin ang kilusan. Pinalalakas ng mga aral na nakuha natin sa BKP ang ating paninindigan na ipagtagumpay ang sinusulong nating rebolusyon," masayang paglalahad ni Ka Adi, ang punong instruktor ng nasabing pag-aaral.

Sa bats na nilunsad ng yunit ni Ka Adi, nagawa nilang ilunsad ang pag-aaral nang straight o tuloy-tuloy.

"Di katulad ng dati, inilulugar natin ang mga pag-aaral kung saan malapit tayo sa ating mga estudyante. Naalala ko nga, may isang sesyon kami na naantala ng isang araw dahil nakakuha kami ng balitang kaaway. Kinabukasan, dumating ang isa naming mag-aaral mula sa lokal. Sabi niya, siniyasat na nila ang paligid ng Paaralan namin, walang kagyat na panganib kung itutuloy namin ang pag-aaral. Tinuloy agad namin ang eskuwela hanggang sa napagtapos na namin sila. Napakasigla



at pursigido rin ng mga estudyante, kita naming positibo ang pagtanggap nila sa mga paksa sa BKP," masayang pagbabahagi ng instruktor.

### Magkakasunod na bats ng IKP, breyktru sa mga larangang gerilya

Sa isa namang sonang gerilya, naging mahigpit na katuwang ng yunit ng Partido at BHB ang mga masa upang maitaguyod ang pag-aaral ng IKP.

"Naging hamon talaga sa atin na mailunsad itong pag-aaral habang gumagampan din sa ibang gawain: pagluluto at pag-iigib, pagsasaayos ng seguridad, at paglahok sa produksyon." ani Ka Amy, isa sa mga instruktor. "Dapat talaga tayong magpasalamat sa masang napakalaki ng itinulong na maitaguyod tayo mula sa pasilidad hanggang sa mga rekurso sa kabila ng mga umaaligid na presensya ng mga kaaway!" dagdag niya.

Sa isa namang larangang gerilya, nagsilbing praktikum ng mga kalahok ng inilunsad na IKP Instructors Training (IKP IT) ng isang yunit ng BHB ang isinagawang IKP sa hanay ng mga segundaryong opisyal nito sa platun. Breyktru ang bats ng IKP na ito para sa mga instruktor na unang beses pa lang makakaranas magturo ng IKP.

"Magandang karanasan ang pagtuturo ng IKP kahit first time ko pa lang talaga ituro ito. Yung mga puntong sinabi nung IKP-IT para mapaunlad ang pagtuturo ay ginawa ko talaga. Marami din akong natutunan sa mga naging estudyante ko. Mas lalo ko ring naintindihan ang kahalagahan ng mga paksa ngayong itinuturo ko na ito sa mas nakakarami," ani Ka Lemuel, na nagturo ng mga paksa kaugnay sa pagbubuo ng Hukbo sa nasabing pag-aaral.

Ayon naman kay Ka Liezel, makabuluhan ang bats ng IKP na nailunsad dahil higit pang napagyaman ang teksto dahil sa pananaw at dagdag na kaalaman ng mga estudyanteng umupo sa pag-aaral.

"Hindi naging boring ang pag-aaral. Praktika natin sa pakikidigma ang pinag-aaralan natin. Magandang naipuwesto ang IKP dahil mas lalo lang nating naiintindihan kung paano pa natin pahuhusayin ang ating paraan, estratehiya, at taktika sa paglulunsad ng pakikidigmang gerilya," pagbabahagi ni Ka Liezel.

Ang IKP ay pangalawa sa tatlong antas ng Kursong Pampartido. Nahahati sa 6 na paksa, tinatalakay ng IKP ang paglalapat ng rebolusyonaryong teoryang MLM sa paglulunsad ng pambansa-demokratikong rebolusyon sa Pilipinas.



Bahagi ng mga paksang tinatalakay dito ang kahalagahan ng pagbubuo ng isang taliba at matatag na Partido na mamumuno sa makauring digma ng mamamayan, pagbubuo ng di magagaping Pulang hukbo, at ang pagpapanday at pagpapatatag sa malawak na hanay ng nagkakaisang prente at mamamayang sumusuporta sa rebolusyon. Itinuturo din ng IKP ang mga praktikal na gawaing kahaharapin ng rebolusyonaryong kilusan sa Pilipinas sa pagpanday ng demokratikong gubyerno: ang gawain sa ekonomya, gawain sa kultura, gawaing internasyunal na mahahalagang salik sa pagtatatag ng Demokratikong Gubyernong Bayan.

### Pagbabalik ng teorya sa praktika

Sa pagtatapos ng mga bats ng pag-aaral, mataas ang diwa ng mga estudyante sa hanay ng BHB at lokal na ilapat sa praktika ang kanilang mga natutunan mula sa pag-aaral.

"Siyempre dahil tumaas ang ating pag-unawa sa teorya, may kasunod 'yang malaking responsibilidad na makita sa resulta ng ating mga gawain, gawaing masa man o gawaing militar, ang ating mga pinag-aralan," pagbabahagi ni Ka Mavi, Pulang kumander at isa rin sa umupong mga estudyante sa isang bats ng IKP.

Sa pagbaybay ng mahabang kasaysayan ng mamamayang Mindoreño sa pagsusulong ng demokratikong rebolusyong bayan, lalong nahamon ang mga estudyante na ipagpatuloy ang pagsusulong ng digma at dagdagan pa ang mga tagumpay na nakamit ng lumalabang mamamayan sa isla.

"Ngayon ko talagang masasabi na naisasapraktika ko ang MD, mga kasama," pagbabahagi ni Ka Rem sa kanyang mensahe sa mga kasama sa inilunsad na graduation.

"Dahil kalahok din ako sa GM, nasusuri at nasisiyasat ko na may kongkretong batayan ang isang bagay o pangyayari. Hindi na lang ako basta magsasalita ng wala naman akong hawak na konkretong datos!"

Para naman kay Ka Otep, isa ring gradweyt ng BKP, kailangang matiyagang pukawin, organisahin at paulit-ulit na pakilusin ang mamamayan upang mapanday, maihanda sila para sa mapagpasyang pakikipagtuos sa kaaway, at mapakilos ang malawak na masa upang itaguyod ang kanilang interes at mga panawagan.

"Susi sa pagtatagumpay ng anumang rebolusyon ang papel ng masa. Ang masa ng sambayanan ang di matutuyuang balon na pinagmumulan ng lakas at kapangyarihan laban sa mapagsamantala at mapang-aping uri," pagsusuma naman ni Ka Tonyang, isa sa mga instruktor sa BKP.

Sa kabuuan, isang malaking tagumpay ng rebolusyonaryong kilusan sa isla ang mga inilunsad na bugso ng BKP at IKP.

Dagdag puhunan ito ng mamamayang Mindoreño upang tupdin ang tungkuling isulong ang digmang bayan sa mas mataas na antas!

BANTAY KARAPATAN

# Panghahalughog at pandurukot, panibagong krimen ng berdugong 203rd Brigade-PNP-MIMAROPA sa mamamayang Mindoreño

Ibayong bangis ang hatid ng pasistang 203rd Brigade-PNP-MIMAROPA sa mamamayang Mindoreño pagpasok pa lang ng unang kwarto ng 2023. Higit pang nadagdagan ang listahan ng krimen ng mga berdugo sa mamamayan.

**Pandurukot.** Dalawang residente ng isang barangay sa Mansalay, Oriental Mindoro ang dinukot ng berdugong 203rd Brigade sa mga serye ng kampanyang panunupil at mararahas na operasyong militar na nilunsad ng mga pasista sa nasabing barangay.

Pebrero 6 ng madaling araw nang dukutin ang isang nagngangalang "Elyong" ng 10 elemento ng 203rd Brigade habang papunta siya sa tindahan para bumili ng kape. Dinampot siya sa harap ng mga residente nang walang ipinapakitang mandamyento o paliwanag sa dahilan ng pagdakip. Samantala, Pebrero 11, limang araw matapos dukutin si Elyong ay ipinatawag at isang linggong hindi inilitaw ng mga palalong militar ang isang nagngangalang G. Giwan Ban-aw matapos tumugon sa patawag ng mga sundalo. Ayon sa ulat na nakalap ng yunit ng BHB, ang mga nabiktima ay matagal nang nakakaranas ng matinding pambabanta at red-tagging mula sa pulis at sundalo at pinapaaming may kaugnayan sila sa BHB.

**Pambabanta at intimidasyon.** Tatlong magkakahiwalay na kaso ng pambabanta, harasment, at intimidasyon ang naitala sa bayan ng Sablayan at Calintaan, Occidental Mindoro mula Enero hanggang Marso mula sa walang patid na operasyong militar na isinagawa ng 76IB.

Tatlong Mangyan-Batangan mula Calintaan ang tinutukan ng baril at pinaghubad ng berdugong 76IB noong Enero 20. Nasa kasagsagan ng operasyon ang mga pasistang sundalo nang makasalubong ng mga sibilyang biktima sa daan.

Binantaan at tinakot naman ng mga tropa ng 68IB ang isang mag-asawa sa isang barangay sa Sablayan. Ininteroga ang dalawang biktima na tumagal ng humigit-kumulang 6 oras at pilit na pinapaamin sa paratang ng pasistang sundalo noong Marso 6. Hiwalay pa rito ang isang kaso ng pagbibintang ng mga berdugo sa isang nagngangalang Michelle, na nauna nang pinaratangang may kaugnayan sa rebolusyonaryong kilusan noong parehong buwan.

**Panghahalughog**. Makailang kaso ng walang pakundangang pagpasok at paghahalughog ng mga ahente ng 203rd Brigade sa mga bahay-bukid ng residente ng apat na barangay sa Sablayan, Occidental Mindoro ang naitala noong buwan ng Pebrero. Kasabay nito ay ang panghaharas ng mga palalong militar sa mga may-ari na pinaghihinalaang may kaugnayan sa BHB.

Samantala, walang awang nilusob ng mga tropa ng 203rd Brigade ang kubo ng isang pamilya sa isang barangay sa Sablayan, Occidental Mindoro noong umaga ng Marso 25. Katatapos lang magkape




ng mga biktima nang higit 10 kataong pasista ang lumusob sa bahay, tinutukan ng baril, at pinadapa ang mag-asawa, anak, apo, at kapitbahay.

Pinagbintangang sumusuporta at may kaugnayan sa rebolusyonaryong kilusan ang mga biktima.

Higit 10 oras silang sumailalim sa interogasyon, kinuhaan ng litrato, at kinailangan pang hingan ng clearance mula sa kapitan ng barangay bago pinayagang umuwi. Ang mga biktima ay mga magsasaka at mag-uuling na matagal nang residente ng nasabing barangay.

**Sapilitang pagpapasuko.** Labing-isa (11) mamamayan mula sa ibat ibang barangay sa Bongabong, Oriental Mindoro ang sapilitang pinasuko ng mga elemento ng Special Action Force (SAF)-PNP noong buwan ng Marso.

Siyam (9) na residente mula sa isang barangay sa Bongabong ang pinatawag sa kampo ng SAF. Kabilang sa mga biktima ang isang mag-amang nakaranas pa ng pag-rereyd sa kanilang bahay bago ininteroga at ibinalandrang "suko", at isang konsehal ng barangay. Sapilitan ding pinasuko ang isang mag-anak sa ibang barangay sa Bongabong noong kaparehong buwan.

Sapilitang pinaamin ang mga biktima na sumusuporta sa BHB matapos imbestigahan at interogahin nang tatlong oras, kuhaan ng litrato, at papirmahin. Binantaan ang mga biktima na may kaso umano silang rebelyon. Tigas-mukha pang nang-umit ang mga tropa ng SAF ng sigarilyong halagang 100 sa mga biktima.

Hindi na maatim ng mamamayan ang paghahasik ng lagim ng pasistang kasundaluhan. Panawagan ng mga magsasakang Mindoreño na itigil ang militarisasyon sa kanayunan at palayasin ang tropa ng pulis at militar sa probinsya ng Mindoro!

BALITA

# Pandarahas ng SAB-PNP sa mamamayan ng Bansud at Bongabong, Oriental Mindoro, matapang na nilalabanan ng mamamayan!

Ibayong takot at pandarahas ang hinasik ng pasistang tropa ng Special Action Battalion (SAB) - PNP sa mga mamamayan ng Bongabong at Bansud, Oriental Mindoro sa walang lubay na dalawang buwang panghahalihaw sa mga komunidad sa nasabing bayan at nagpapatuloy hanggang ngayon.

Buwan pa lang ng Pebrero, binuliglig na ng mersenaryong tropa ang mamamayan ng Bongabong at Bansud sa pagkampo ng SAB sa apat na malalaking eskuwelahan, kabilang na ang Mindoro State University (MINSU), hiwalay pa sa mga barangay hall na ginawang kampo militar para sa Retooled Community Support Program Operations (RCSPO).

Sapilitang pinapasuko ng SAB ang mga residente mula sa iba't ibang barangay sa Bongabong at Bansud at pinapaamin na may kaugnayan sa NPA. Ang pagkampo sa mga eskuwelahan at pampublikong pasilidad ay malinaw na labag sa International Humanitarian Law.

Lalo pang tumindi ang atake ng palalong pulis sa mga mamamayan matapos ang labanan ng isang kolum ng nag-ooperasyong SAB sa isang yunit ng Lucio De Guzman Command - NPA - Mindoro (LDGC) sa Sitio Naksib, Brgy. Sta Cruz, Bongabong.

Dahil sa tindi ng pinsalang tinamo ng SAB mula sa nasabing labanan, ibinaling nila ang kanilang galit sa mga sibilyan. Katunayan, ayon sa ulat na nakalap ng LDGC, isang katutubong Mangyan na nag-uuling ang tinamaan ng bala mula sa berdugong SAB habang kasagsagan ng labanan. Hindi pa nasapatan ang mga palalong pulis sa pinsala, pinagsisipa pa ng mga ito ang biktima bago dinala sa ospital.

Noong Marso 15, ilang araw matapos ang labanan, tinutukan ng baril ng SAB ang isang sibilyan sa Bongabong, Oriental Mindoro. Pilit na pinaamin ang biktima na sabihin kung nasaan ang yunit ng LDGC.

Umaga naman ng Abril 07, naiulat ang pananakit ng makahayop na SAB sa isang sibilyang babae matapos itong dahasin at interogahin kung nasaan ang yunit ng LDGC. Sinampal ng SAB ang isang 40 taong gulang na babae na residente ng isang barangay na nilunsaran ng operasyong militar sa Bongabong. Hindi ikinatuwa ng SAB ang sagot ng ginang nang siya ay tanungin ng kanyang kaugnayan sa NPA kung kaya't sinaktan siya ng pulis.

Dahil sa walang pakundangang terorismong inihasik ng SAB, magiting na tumindig ang mamamayan ng Bongabong upang labanan ang karahasan.

Nagrehistro ang mga lider ng barangay council na natatakot na ang mga residente sa mga pulis dahil sa bangis na ipinapakita nila sa mga sibilyan na nakakasalubong nila sa daan.

Resulta nito, 30 tropa ng nag-ooperasyong SAB ang napalayas sa mga kinakampuhang komunidad at barangay noong Abril 07, matapos silang ireklamo dahil sa kanilang pambubuliglig sa seguridad ng mga residente.

BALITA

# Ginintuang anibersaryo ng NDFP, sinalubong ng mga selebrasyon sa buong isla ng Mindoro

Tagumpay na inilunsad ng rebolusyonaryong kilusan sa Mindoro ang ginintuang anibersaryo ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP). Naging abala ang lahat ng sona at larangang gerilya sa isla sa paglulunsad ng mga aktibidad upang ipagdiwang ang pagkakatatag ng NDFP.

Bilang pagtugon sa panawagan ng NDFP at ng Partido, naglunsad ng 21 gun salute ang lahat ng yunit sa ilalim ng Lucio De Guzman Command - NPA - Mindoro sa umaga ng Abril 24 upang dakilain at parangalan ang alaala nila Benito "Ka Laan" Tiamzon at Wilma "Ka Bagong-tao" Austria-Tiamzon, mga kapita-pitagang lider ng Partido at NDFP, na pataksil na dinukot at pinaslang ng pasistang rehimeng US-Marcos II noong Agosto 21, 2022. Pinarangalan din ang lahat ng mga bayani at martir ng rebolusyon sa isla at buong bansa noong nagdaang taon.

Sa pahayag ni Ka Ma. Patricia Andal (MPA), hinamon niya ang lahat ng alyadong organisasyon sa ilalim ng NDFP na tanganan ang sulo ng demokratikong rebolusyong bayan sa isla. Aniya, "Sa ginintuang taon ng NDFP, nahaharap ang sambayanang Pilipino at mamamayang Mindoreño sa isang ginintuang pagkakataon na kailangang sagpangin. Upang maisakatuparan ito, kinakailangan ang ibayong tatag, tapang, at determinasyon ng lahat ng alyadong organisasyon sa ilalim ng NDFP-Mindoro upang abutin ang walang kaparis na paglawak at paglalim ng rebolusyonaryong base na magtitiyak ng paglakas ng ating kilusan,"

Determinado namang tumugon ang mga

alyadong organisasyon sa ilalim ng NDFP-Mindoro sa panawagang magpalawak at magpalakas ng mga organisasyon.

Ayon kay Ka Rita, isang kasapi ng MINDORO, ang rebolusyonaryong organisasyon ng mga katutubong Mangyan, mahalaga ang naging ambag ng programa ng NDFP sa paglaban nila para sa kanilang lupang ninuno.

"Ilanpung libong ektaryang lupain ang nabawi ng mga magsasaka at Mangyan noon dahil sa kampanyang lansag pastuhan at pagtutol sa mga proyektong nakaambang mang-agaw ng aming lupang ninuno. Hindi ito mangyayari kung hindi dahil sa pagsusumikap ng Partido, Hukbo, mga magsasakang katutubo at di-katutubo at lahat ng naging alyado sa ilalim ng bandila ng NDFP. Kung kaya't napakahalagang isulong ng lahat ng mamamayan ang demokratikong rebolusyong bayan na makikita sa 12 puntong programa ng NDFP," pagbabahagi ni Ka Rita.

Ayon naman sa Pambansang Katipunan ng mga Magbubukid - Occidental Mindoro, napapanahon ang pagpapalakas sa mga organisasyon sa ilalim ng NDFP dahil sa pagpasok ng kilusan sa panibagong yugto ng pakikihamok sa ilalim ng ilehitimong rehimeng US-Marcos II.

"Patuloy pa rin ang pagsirit ng presyo ng pangunahing bilihin. Sadsad naman ang kabuhayan ng magsasakang Mindoreño dahil sa mga neoliberal na patakaran ng rehimen. Ibang klaseng krisis at gutom ang nararanasan ng mamamayang Mindoreño, kailangan sagpangin ang ginintuang oportunidad na ito para palawakin ang ating hanay at patatagin para iabante ang rebolusyon sa mas mataas na antas. Mataba ang lupa para magrebolusyon ang mamamayang Mindoreño," pahayag ng grupo.

Ayon naman kay Ka Madaay Gasic, tagapagsalita ng Lucio De Guzman Command - NPA - Mindoro (LDGC), "Nakahanda ang mga Pulang kumander at mandirigma sa ilalim ng LDGC na harapin ang mga hamon at sakripisyo upang isulong sa mas mataas na antas ang digma sa isla. Nakatudla ang ating mga riple sa mabigat na responsibilidad na makihamok sa berdugong pulis at militar at tupdin ang dakilang misyong wasakin ang galamay ng pasistang estado upang ganap na maagaw ang kapangyarihang pampulitika,"

Sa pagpasok ng NDFP sa ika-limampung taon nito, positibo ang tanaw ni Ka MPA sa landas na tinatahak ng rebolusyonaryong kilusan sa isla.

"Sa kasalukuyang nagaganap sa ating bayan, malinaw pa sa sikat ng araw ang kawastuhan ng pagsusulong ng dakilang pambansa-demokratikong rebolusyon.

Sa ganito, lalu tayong nabibigyan ng inspirasyon at naitutulak na magpunyagi at mahigpit pang yakapin ang landas ng pagrerebolusyon! Tanging sa tagumpay lamang ng pambansa-demokratikong rebolusyon na may sosyalistang perspektiba natin makakamit ang isang malaya, masagana at makatarungang lipunan!"

**NDFP-MINDORO BULLETIN**



MULA KAY KA MA. PATRICIA ANDAL

# *Kailangan ang nagkakaisang aksyon ng mga Mindoreño sa Oil Spill*

**Pebrero 28 nang sumabog ang balitang lumubog ang cargo-ship MT Princess Empress sa tapat ng Naujan, Oriental Mindoro dahil sa lakas ng alon at hangin.**

Ang kasunod na balitang pagtagas ng karga nitong 800,000 litrong industriyal na langis o "black oil" bukod pa sa langis na gamit ng barko ay naging alingawngaw na hanggang sa sinusulat ito ay hindi pa natutuldukan.

Ang barko na pagmamay-ari ng RDC Reield Marine Services Inc. ay inupahan ng SL Harbor Bulk Terminal Corporation, isang subsidiaryo ng San Miguel Corporation na pagmamay-ari ng malaking burgesya kumprador (MBK) na si Ramon Ang upang dalhin ang industrial fuel oil mula sa Limay, Bataan patungong Iloilo.

Sinaklaw na ng pagtagas ng langis ang Calapan at 10 bayan sa Oriental Mindoro at umabot pa ng Antique, Marinduque, Palawan, at Batangas. Ang mga taga-Oriental Mindoro ay kagyat na pinagbawalan na maglaot sa pangingisda, gumamit ng tubig sa mga bukal, sapa, ilog at poso (water pump) sa 100 metro mula sa dalampasigan.

Ang patakaran ng rehimeng Marcos-Duterte na ipagbawal ng mahahalagang aktibidad pangkabuhayan sa karagatan ay tumama sa kabuhayan at kagalingan ng mamamayan. Sa kasalukuyan, lumobo na sa 178,386 katao ang apektado ng pagtagas ng langis.

Kabilang dito ang 24,292 pamilya sa Oriental Mindoro mula sa kabuuang 37,871 pamilyang mangingisda na nawalan ng hanapbuhay habang 191 katao na ang naiulat na nagkasakit dahil sa insidente.

Apektado rin ang naghahanapbuhay sa eko-turismo. Idagdag pa dito ang mawawalang kita dahil sa pagkasirang hatid nito sa kalikasan.

Ayon sa UP Marine Science Institute, tinamaan na ang Verde Island Passage sa pagitan ng Batangas at Mindoro, na tinaguriang center of the center of marine biodiversity sa buong mundo dahil nasa gitna ito ng pandaigdigang coral triangle.

Hitik sa likas na yamang-dagat ang napakaproduktibong marine ecosystem na naapektuhan ng oil spill kabilang ang 36,000 ektarya ng coral reefs, 10,000 ektaryang bakawan at 6,000 ektaryang seagrass.

Tatagal ng dekada bago mapanumbalik ang apektadong kalikasan, batay sa karanasan ng oil




**24,292**

**PAMILYA SA ORIENTAL MINDORO MULA SA KABUUANG**

**37,871**

**PAMILYANG MANGINGISDA ANG NASALANTA ANG HANAPBUHAY DAHIL SA OIL SPILL**



**178,386**

**INDIBIDWAL ANG APEKTADO SA OIL SPILL SA ANIM NA ISLA AT PROBINSYA**

spill sa Guimaras noong 2006 nang lumubog ang MT Solar I dala ang 2.1 milyong litro ng langis.

Ang charterer ng byaheng ito ng MT Princess Empress na si Ramon Ang ay pangatlo sa pinakamayayaman na indibidwal sa ating bansa na may kabuuang halagang $3.4 bilyon ng negosyo't ari-arian sa linya ng enerhiya, imprastruktura, pagkain at inumin sa pamamagitan ng kanyang conglomerate na San Miguel Corporation.

Sa nagdaang taon, kumita siya ng P1.8 bilyong sa pandarambong mula sa pagkamkam ng lupa at lupaing ninuo, pagkalbo ng kagubatan, paglason sa karagatan, at pagsasamantala sa lakas paggawa ng sanlaksang mangagawa, manggagawang bukid at magbubukid sa kanyang mga pag-aaring negosyo at pabrika.

Sa diwa ng prinsipyong "polluters pay" dapat panagutin si Ramon Ang sa pinsalang hatid ng oil spill sa mga mamamayang biktima at sa kalikasan. Tulad ng unang sakuna sa dagat ng Guimaras noong 2006, bingi at bulag ang mga katulad ni Ramon Ang sa kasalukuyang mga biktima habang patuloy na namamayagpag sa hanay ng mga pinakamayayaman at makapangyarihang tao sa Pilipinas kabilang ang kumpadre niyang ilehitimong Presidenteng Marcos Jr.

Kasabwat nila ang reaksyunaryong estado kabilang ang Philippine Coast Guard at Maritime Industry Authority (MARINA) upang madulas na makaiwas sa dapat nilang pananagutan sa sambayanan. Mismong ang pagpahintulot na makapaglayag ang barko kahit hindi na ito pasok sa pamantayan para maglayag ay isang halimbawa ng sabwatan ng mga kriminal na ito.

Ang kawalan ng kakayahan ng mga negosyo sa langis sa bansa upang akuin ang paglilinis sa panahon ng mga malakihang aksidente ng pagtagas ng langis ay isang patunay sa kawalan ng pakialam ng mga negosyanteng ito sa kapakanan ng mamamayan at kalikasan. Nalalantad ang tunay nilang interes ay ang limpak na tubo lamang.

Dahil kapos ang kakayahan ang gobyerno o mga pribadong kumpanya sa bansa upang kontrolin ang pagtagas o linisin ang tumagas na langis, naobligang humingi ng ayuda ang Pilipinas sa mas mauunlad na bansa.

Kasabay nito ang paghingi ng tulong sa Estados Unidos sa pamamagitan ng U.S Coast Guard National Strike Force. Imbes na mga marine biologists at bihasa sa pagkontrol ng pagtagas ng langis, pinapaboran pa ng ilehitimong rehimeng Marcos-Duterte ang papasukin ang mga sundalong Amerikano para tumulong sa pag-apula ng pagtagas ng langis.

Inilutang pa ang ideyang gamitin ang mga pwersang US sa Balikatan Exercises na nakatakdang ganapin noong April 11-20 upang bigyan ng katanggap-tanggap na batayan ang panghihimasok ng 12,000 sundalong US sa bansa.

Ito na ang pinakamalaking bilang ng tropang US na pinalahok sa buong kasaysayan ng Balikatan Exercises sa panahong umiinit ang girian ng US at China sa ekonomiya at control sa estratehikong posisyon sa South China Sea at sa West Philippine Sea na nasa loob ng ating teritoryo.

Sa krisis na nalikha ng paglubog ng MT Princess Empress, marapat lamang na magbigkis ang mamamayang Mindoreño upang kakamtin ang hustisya at mapanagot ang lahat nang sangkot sa pangyayari.

Makatwirang ilaban ito ng mamamayang Mindoreño at sambayanang Pilipino sa iba't ibang porma at daluyan ng pagkilos.

Itutok ang paniningil sa mga nangungunang may panangutan na walang iba kundi ang inutil na rehimeng US-Marcos II at ang kumpadre nitong si Ramon Ang.

Isang katiyakan ng pagkakamit ng hustisya ang pagsusulong ng pambansa-demokratikong rebolusyon (DRB) upang maipagtagumpay ang laban sa mga mapagsamantala't mandarambong na uring PML-MBK, tiwaling burukrata-kapitalista at mga amo nitong imperyalista.



*Clean up drive na nilunsad ng lokal na gubyerno ng Oriental Mindoro sa kasagsagan ng pagtagas ng langis. (Larawan mula sa Rappler)*

LATHALAIN

# Protestang Bayan, tugon ng mamamayang Mindoreño sa tumitinding krisis sa kuryente sa Occidental Mindoro

Sunod-sunod na kilos protesta ang inilunsad ng mga mamamayan sa buong lalawigan ng Occidental Mindoro bilang tugon sa tumitinding krisis sa kuryente sa probinsya.

Matatandaang Abril 13 nang ideklara ng Occidental Mindoro Consolidated Power Plant (OMCPC) na isang generator set na lang ang gagamitin ng planta para tugunan ang demand ng kuryente sa buong lalawigan dahil sa kawalan ng subsidyo ng National Power Corporation (NPC) para sa panggatong nito.

Resulta nito, apat hanggang limang oras na lamang ang natatanggap na kuryente ng mga konsyumer sa probinsya.

## State of Calamity

"30 megawatts (MW) ang suplay na kailangan ng buong probinsya sa bawat araw, pero dahil isang generator set na lang ang ginagamit ng OMCPC, 7 MW na lang ang kaya nitong tugunan para sa buong Occidental. Mapipilitan talagang magtiis ang mga konsyumer sa 20 oras na brownout kada araw hanggat nananatiling ganito ang kairalan," ayon kay Ka Ma. Patricia Andal (MPA), tagapagsalita ng NDFP-Mindoro.

Ayon sa ulat na nakalap ng NDFP-Mindoro, labis na abala ang dinulot ng kawalan ng kuryente sa buong Occidental Mindoro. Ramdam ang epekto nito hindi lamang sa mga residensyal na komunidad, kundi maging sa mga paaralan, agrikultural na pasilidad, at maging mga ospital.

"Lugi kami sa tindi ng brownout dito. Di na lang gasolina ang ginagastusan namin para makapaghanapbuhay, pati yelo. Yung iba, sa Maynila na bumibili ng yelo para di masira ang mga nahuli nilang isda," naiiling na pagbabahagi ni Tatay Nanding*, isang mangingisdang tubong San Jose, Occidental Mindoro. Ganito rin ang sentimyento ng mga magsasaka na umaasa sa cold storage plants at post-harvest facilities sa nasabing bayan para naman patagalin ang buhay ng kanilang mga produktong bukid.

Bukod sa pinsala sa lokal na industriya, sinalanta rin ng mahahabang brownout ang daloy ng mga klase sa mga paaralan. Sa pagpasok ng panahon ng tag-init, dumami rin ang kaso ng mga estudyanteng dumanas ng heat stroke.

"Sabi sa balita, 145 estudyante na ang sinugod sa ospital dahil sa heat stroke. Ilang beses na rin nagsuspinde ng klase sa amin dahil hindi kaya ang tindi ng init ng panahon tapos wala pang kuryente. Mahirap mag-focus sa klase sa ganitong init," pagbabahagi naman ni Vilma*, isang mag-aaral ng hayskul sa isang paaralan sa isang bayan sa Occidental Mindoro.

Para naman kay Maricar*, isang doktor sa isang pribadong ospital sa lalawigan, labis na pinsala ang dulot ng brownout sa mga ospital.

"Milyon na ang ginagastos ng ospital para lang mapanatili ang serbisyo sa mga pasyente. Lalo na yung mga kinakailangang gumamit ng mga makina. Tulad na lang ng mga nangangailangan ng dialysis. Naoobliga ang ospital namin na gumastos ng malaki sa gasolina dahil mas sa mga generator na kami umaasa para sa kuryente dahil sa haba ng brownouts," ani Maricar.

Bukod pa sa dalas at haba ng brownout, idinaing din ng mamamayang Mindoreño ang mataas na singil sa kuryente ng OMCPC sa kabila ng mahahabang panahon ng kawalan ng kuryente. Katunayan, naglalaro ng P800 hanggang P4000 ang singil sa mga konsyumer kada buwan sa kabila ng 4 na oras na kuryente bawat araw.

Dahil sa tumitinding krisis, nagdeklara ang lokal na gubyerno ng Occidental Mindoro ng State of Calamity noong Abril 15 upang humingi ng tulong sa pambansang pamahalaan.

## Protestang Bayan

Ang krisis sa kuryente sa buong lalawigan ang nagtulak sa mamamayan na maglunsad ng pagkilos upang itambol ang karaingan para sa murang akses sa kuryente.

Nagsama-sama ang ibat ibang sosyo-sibikong mga grupo, mga maliliit na negosyante, guro, estudyante, magsasaka, mangingisda, at lahat ng apektado ng brownout upang magkasa ng mga




*Kilos protesta ng mga mamamayang apektado ng krisis sa kuryente. Ipinapanawagan nilang matamasa ang karapatan sa akses sa kuryente. (Larawan mula sa Rappler)*

protesta kaugnay sa tumitinding krisis sa kuryente sa probinsya.

Abril 8, naglunsad ng candlelight protest ang grupong Pundidong Ilaw at mga kabataang Mindoreño sa harap ng tanggapan ng Occidental Mindoro Electric Cooperative (OMECO) bilang simbolo ng kanilang pagtutol sa nagpapatuloy na malalang brownout sa probinsya.

Sinundan naman ito ng protestang bayan at caravan ng ibat ibang grupo sa pangunguna ng Oksi Walang Power Movement, 8 Ball Tribe, Pundidong Ilaw, Mangyan Movement, at Samahan ng mga Consumer sa Occidental Mindoro noong Abril 15. Hindi bababa sa 5,000 ang lumahok sa protestang bayan na nagsimula mula pa Abra de Ilog at lumundo sa isang concert sa San Jose.

Kasabay nito, muling naghain ng petisyon ang 14,000 miyembro at konsyumer ng OMECO noong araw din ng Abril 15 sa opisina ng ilehitimong rehimeng US-Marcos II upang idulog ang problema ng lalawigan nang bumisita si Marcos sa Pola, Oriental Mindoro para puntahan ang mga apektado ng oil spill. Hindi pa tinutugunan ang kanilang petisyon hanggang sa kasalukuyan.







*Posters ng inilunsad na blackout concert ng mamamayan ng Occidental Mindoro upang tutulan ang mahahabang brownouts. (Larawan mula sa Rappler at Facebook)*

Ayon kay MPA, dapat panagutan ng pambansang gubyerno ang problema ng mamamayang Mindoreño sa kuryente.

"Kung tutuusin, tungkulin ng gubyerno na ibigay sa mamamayan ang batayang serbisyo sa kuryente. Pero mula nang ipinasa ng gubyerno ang produksyon at transmisyon ng kuryente sa pribadong mga kumpanyang tulad ng Occidental Mindoro Consolidated Power Corporation (OMCPC), itinali na ang ating pang-araw-araw na buhay sa patakaran at direktiba ng OMCPC. At nang hindi na kayang tugunan ng OMCPC ang tumataas na demand sa kuryente at hindi na nila mabayaran ang nagtataasang presyo ng gatong para mapatakbo ang mga generator sa planta, mamamayan ang unang nabigwasan ng krisis," pahayag ni MPA.

Pagbabahagi ng tagapagsalita, sing-aga pa lang ng 2014 ay pinoproblema na ng mga konsyumer ang kakayahan ng OMECO na abutin ang demand ng probinsya para sa kuryente. Ngunit dahil sa kawalan ng tugon ng gubyerno, hindi maagap na nasolusyunan ang problema ng mamamayan.

"Dapat itulak ang NPC at iba pang pambansang ahensya na ibigay ang serbisyo sa kuryente na sasapat sa pangangailangan ng mamamayang Mindoreño.

Imbis na gamitin ang pondo ng gubyerno ng rehimeng Marcos II sa confidential intelligence fund ng opisina ng ilehitimong presidente't bise-presidente, mga pork barrel, gastusin sa militar at pagbili ng kung anu-anong armas, eroplano, at kanyon, dapat ilaan ito sa pagtiyak na natatamasa ng mamamayan ang batayang serbisyong panlipunan.

Ang pangmatagalang solusyon ay isabansa ang industriya ng enerhiya at alisin ang monopolyo dito ng mga monopolyo-kapitalistang dayuhan, malalaking burgesya kumprador at ng mga ahente nilang burukrata-kapitalista. Gayunman, hindi ito makakamit sa kasalukuyang bulok at anti-mamamayan na gubyerno," ani MPA.

Naninindigan ang NDFP-Mindoro na ang solusyon pa rin sa pundamental na problema ng mamamayang Mindoreño ay ang pagsalig sa linya ng pambansa-demokratikong rebolusyon.

Nilalaman ng programa nito ang pagsasabansa sa industriya ng enerhiya sa bansa. Sa pamamagitan nito, matitiyak ang planadong pagpapaunlad ng mapagkukunan ng enerhiyang sapat sa pangangailangan ng bansa, para sa serbisyo at hindi para sa tubo ng may mahigpit na kunsiderasyon sa pangangalaga sa kalikasan at kabuhayan ng mamamayan.

Kailangang patuloy na kumilos ng mga mamamayan upang mapanagot ang mga imbuwelto sa nagaganap na krisis sa kuryente, magkaisa at abutin ang lahat ng apektado, palawakin ang hanay at organisahin ang malawak na mamamayan para isulong ang kanilang demokratikong kahilingan.

** hindi totoong pangalan*

KULTURA

# PULA ANG LUPA NG MINDORO

*ni Ka Tikya*

"Mararag has daga!"
kung sa buhid na salita
Pula ang lupa sa itinatanging isla
Pinapula ng maigting na pakikibaka,
ng magiting na pagtatanggol sa lupa.

Loktanon, siganon, kristyano, damuong man o mangyan,
Sila ang mga kamay na nagpapayabong
sa isla ng kayamanan.
Sa kabundukang pinuno ng pastuhan
Mga bakang alaga sa damuhang sagana.

Pula ang kulay ng lupang Mindoro,
Sa pusod ng naglalakihang mga rantso,
Nag-aalab ang pakikibaka para sa lupang ninuno.
Nag-aarmas ang laksang katutubo
upang ipagtanggol ang kabundukang ginto,
mula sa mga dayuhang tuso!

Pula ang kulay ng lupang Mindoro,
tigib ng yamang mineral sa kaibuturan nito.
Bumubukal ng mina,
ng gasolina't- gatong
sa palalong interes
ng imperyalistang mandarambong
na dinadahas, kinikitil ang masang tumututol...

Pula ang kulay ng lupang Mindoro,
Pinapula ng digma para sa lupa at laya
lalong pinatingkad sa bawat pagkabuwal,
at sa bawat dugong idinidilig ng magigiting na martir
magbabangon ang masang daantaon ng nagtitiis
upang labanan at biguin ang pasistang hagupit
at ang lupang ito'y lalong pag-alabin ng paghihimagsik!




Ang ALAB ang rebolusyonaryong pahayagan sa Isla ng Mindoro. Pinapatnugutan ito ng Partido Komunista ng Pilipinas (Marxismo-Leninismo-Maoismo) sa Mindoro.

Para sa anumang katanungan, komento, kontribusyon o mungkahi, maaaring ugnayan ang patnugutan ng ALAB sa:

alabngdigmamindoro@gmail.com

@alabngdigmamindoro

*Maaaring idownload ang kopya ng ALAB at iba pang rebolusyonaryong pahayagan sa www.cpp.ph*